

“BIRUIN MO ‘YUN!” MALA-HANDBOOK NG PINOY HUMOR

ni Joselito D. De Los Reyes, PhD



Nagtuturo ng kurso sa new media, contemporary and popular literature, translation, at creative writing sa Faculty of Arts and Letters at sa Graduate School ng UST si Joselito D. De Los Reyes, PhD. Research associate siya ng UST Research Center for Culture, Arts, and Humanities (RCCA). Siya rin ang kasalukuyang academic coordinator ng BA in Creative Writing program sa UST. Nagsipagwagi ng National Book Awards for Essay in Filipino ang mga aklat niyang iSTATUS Nation at Titser Pangkalawakan, at National Book Award for Nonfiction ang Finding Teo: Tula/Talambuhay. Siya ang 2013 Makata ng Taon ng Komisyon sa Wikang Filipino at recipient ng National Commission for Culture and the Arts (NCCA) Writers' Prize for Fiction. Siya rin ang may-akda ng mga aklat na Paubaya, Troya: 12 Kuwento, at #pasahero: mga nakikisakay na sanaysay. Regular opinion contributor siya ng mga paksang kulturang popular at social and new media dynamics sa Abante at Rappler.

Noong una kong naisip ang katagang “seryosong usapin ang humor,” akala ko ako ang nakauna sa oxymoron na ito. Only to find out na marami nang bersiyon, as in, sobrang dami to the point of cliché. Isa ito sa pinakagusto

ko: “The Science of Humor Is No Laughing Matter.” Isang artikulo sa journal ng sikolohiya. Hindi ka talaga makakatawa dahil sa dami ng konsepto at terminolohiya para bigyang saysay ang humor sa lens ng sikolohiya at agham. May nagsasabi rin na “comedy is a serious matter” lalo na’t gagawin mong bahagi ng iyong pag-aaral. O gagawin mong kabuhayan ang pagpapatawa. Seryosong usapin lagi kapag involved na ang kabuhayan. Kaya nang sinuong ko ang paksang ito, nalaman ko kaagad na hindi ito nakakatawa, at — napatunayan ko during the ever-recurring cramming para maitawid ang anxiety-charged deadline — nakakaiyak, nakakatakot.

Hindi nakakatawa ang mag-ambisyong ikahon sa aklat ang tungkol sa katatawanan, o itong pagtawa, itong non-verbal primal emotional expression na sumasalakay sa atin kapag may pambihirang kabig ng emosyon. Bakit pa? Puwede mo namang danasin nang hindi na hanapan pa ng paliwanag, o kung ano ito sa lipunan. Bakit pa? Alam naman nating nakakatulong ito sa atin. Gaya nga ng sabi ng kaibigang kong pari, gift din daw ni Lord ang kakayahang tumawa at magpatawa, ang sinaunang pagpapahayag ng ating older brain system kasama ng pag-iyak, pagpapakita ng galit, at kalungkutan.

Bakit pa hahanapan ng katwiran? Tama naman. Pero, ‘di ba, itinuro din sa atin ang digestive system noong elementary, kung paanong mula sa pagnguya, paglulon, paghalo ng enzymes sa tsibog, pagkuha ng nutrisyon sa pagkain, kung paanong sumasama sa ating blood stream ang sustansiya (thereby lilipat na sa circulatory system ang paksa) at kung paano nagiging involved ang excretory system pagkatapos. Lahat ng iyan, kumpleto ng quiz at recitation namin kay Miss Pascual noong grade four, iyang mga pag-aaral na iyan sa different parts of the digestive system ay ikinonsiderang essential learning noong bata pa tayo. Hindi naman tayo tumutol, hindi naman natin sinabing “Bakit pa po natin aaralin ‘yan, Miss Pascual, alam naman po nating lahat na masarap kumain, na kailangan ng katawan natin ang sustansiya kaya mag-recess na po tayo.” Hindi ko sinabi iyon. Hindi mo rin sinabi iyon sa

teacher mo. Hindi ako tumutol kay Miss Pascual sa lecture niya tungkol sa pagkakaiba ng stomach, at small at large intestines. Walang tumutol sa ating guro. Kaya hindi man essential na karunungan ang malaman natin ang humor, palagay ko, malaking bagay na malaman mo ang dahilan ng pagtawa, kung ano ang pagpapapatawa, at baka sakaling kailanganin mo, kung paano ba ang maayos na pagpapatawa. Thereby making it an essential learning because, to be philosophical, about this, hindi essential ang kahit anong karunungan hangga't hindi mo kinailangan.

Hindi ko kayang bigyang-diin kung gaano kahalaga ang malaman natin ang anatomiya ng pagpapatawa at pagtawa, ang siste, ang humor, ang sarcasm, ang parody, ang joke. Maraming katawa-tawa sa nangyayari sa atin. Maraming politiko ang umaastang payaso. Some are effortless, seamless transition. Maaari, sa mga sandaling ito, kaisa ka at binabasa mo ito dahil naniniwala kang dapat mong malaman ang mga bagay-bagay tungkol sa humor. Dahil essential na sa buhay mo ang humor. O marami ka nang alam sa humor kaya gusto mong masegurong may sustansya ang sasabihin ko dito. O kaya maaaring binili mo na ang libro ko dati at dahil loyal ka sa mga isinulat ko, bumili ka uli kaya napipilitan ka nang basahin para masulit ang ilang daang pisong ipinambili mo. O kaya dahil nababasa mo ako sa Facebook, tapos may book pala ako kaya napa-order ka, kaya ka napilitang basahin ito ngayon para masulit ang ilang daang pisong ipinambili mo. Alin man diyan, umaasa akong may mapupulot ka, na sana magamit mo sa kung saang usapan. Sana magamit mo sa team building ng kompanya ninyo, o kaya sa job interview, o para tsikahin mo ang kliyente at makapagsara ka ng transaksiyon. Puwede ring idaan sa humor ang thesis defense mo o kapag hihingi ka ng umento sa boss mo. Puwede rin sa pagtatalumpati kung kakandidato ka, o sa panliligaw. Puwede rin namang gusto mo lang mag-develop ng kompiyansa sa pamamagitan ng maayos na rendering ng joke. Lahat iyan, at para na rin siyempre masulit ang ilang daang pisong ipinambili mo sa aklat na ito.

You see, walang halong biro, may preference daw sa humor ang kahit sino sa atin kesa sa hitsura. Oo. Mas pipiliin daw ng mayorya ng mga Filipino ang ka-partner o karelasyong may humor kahit hindi masyadong maayos ang hitsura kesa sa, hmmm, gwapo o maganda pero tagtuyot ang sense of humor. Oo, may statistics dito ang Social Weather Stations. Pwede ninyong makita sa website nila, pwede ninyong i-download ang mismong resulta ng survey na may pamagat na: “Fourth Quarter 2013 Social Weather Survey: 90% of adult Filipinos choose Sense of Humor over Good Looks.” Inilabas nila ang resulta in time for Valentine’s Day noong 2014. Download na. And make yourself feel better.

Hindi tayo natatangi. Ganoon din ang findings ng isang pananaliksik sa bansang Austria na nalathala sa World Economic Forum at sa diplomatic magazine na The Conversation hinggil sa desirability ng isang taong may malakas na sense of humor. Bukod daw kasi sa katalinuhan, may mataas na emotional intelligence ang isang taong may magaling na kakayahang magpatawa:

“Not only are funny people smart, they’re nice to be around. Evidence suggests that having a good sense of humour is linked to high emotional intelligence and is a highly desirable quality in a partner. Evolutionary psychologists describe humour as a “heritable trait” that signals mental fitness and intellectual agility to prospective mates. In studies of attractiveness, both men and women rate funny people as more attractive and cite having a good sense of humour as being one of the most important traits in a long-term partner.” (<https://www.weforum.org/agenda/2017/10/funny-people-are-also-more-intelligent-according-to-new-research/>)

Puwede ninyong kabisaduhin at iukilkil sa pagkatao ninyo ang mga pananaliksik na iyan na nagsasaad na may pag-asa ka pa sa mundo sa tulong

ng humor. O kaya, gaya ng ginawa ko sa misis ko, itinanong ko kung ano ba ang mas nagustuhan niya sa akin. Kung good looks ba o humor? “Charming ka, Tatay. Charming ka.” Iyan ang sagot niya sa akin sabay balik niya sa inabala kong pagtuturo online.

Bueno, medyo magiging mahaba ito kumpara sa binabasa mong Facebook status o mga meme post ng mga kaibigan at kamaritesan mo sa social media. In most cases, madaldal. And, I must warn you, kahit tungkol dapat ito sa katatawan, hindi nakakatawa ang kahabaan ng narasyon. Well, sana nga nakakatawa. Sisikapin ko. Iyon naman ang misyon ko sa aklat na bubuuin ko – turuan kayo ng tungkol sa pagtawa at pagpapatawa sa paraang sana ay nakakatawa. Iyong hindi ninyo namamalayan na natapos na ninyong basahin ang kung ilampung libong salita na bumubuo sa libro.

Ganito ko kasi iminungkahi noon ang proyektong ito tungkol sa katatawanan. Suggestion ko, dapat may attempt at being humorous din. Oo, marami kasing hindi. May scholarly na scholarly. Dry na scholarly. Sobrang exhaustive scholarly, hindi na talaga nakakatawa, as in effort na suyurin ang teksto lalo na ang nagliliparang teorya at jargons ng sikolohiya at pragmatics at discourse analysis at marketing communications (more on these later) at iba pang naglipanang karunungan nakasabit sa pag-unawa natin ng katatawanan. Pero hindi maiiwasang maging scholarly lalo’t scholar naman talaga ang target na magbabasa. At wala din namang masama kung scholarly. Iyon nga lang, dahil may espesyalisadong jargon at sociolect, hindi maiiwasang hindi accessible sa marami ang pag-aaral.

Kaya ganito kasidhi ang pagtalakay ng ibang aklat at pag-aaral dahil marami naman talagang aspekto ng ating pagkatao, kultura, lipunan, at damdamin ang involved sa pagtawa at katatawanan. Hindi lang ito tungkol sa interpretasyon mo ng narinig na tunog, o nabasang salita, o napanood na eksena, o nakitang graphics sa social media, o kung napabili ka ng produkto’t tumangkilik ng binayarang serbisyo dahil sa katatawanan ng patalastas na

ginamit sa iyo para ka gumastos. Involved din dito ang panahon, ang pag-unawa mo sa lipunan, ang pagiging bahagi mo sa isa o higit pang kolektiba, ang pagiging bahagi mo sa pagbuo ng kultura, o hindi rin maitatangi, ang pagwasak... wait, too strong a term ang pagwasak, sa pag-reshape mo sa isang kultura gaano man ito kalaki. Ang pagtawa mo ay produkto ng maraming proseso, kombinasyon ng proseso na microsecond lang halos ang itinatagal kapag gets mo agad ang biro. Gets?

Gets? Kaya may pagkakataong hindi natin nage-gets ang joke o katatawanan dahil may mga hindi tayo nakukuha agad. Kulang ang clue, ang pahiwatig, o ang mismong paraan ng pagsasalaysay.

“Hindi mo na-gets,” sasabihin sa iyo ng bumitaw ng biro o iyong mga naka-gets agad ng biro. Alinman dito ang maaaring dahilan: hindi tayo pamilyar sa konteksto o wala sa ating schema ang sitwasyon, hindi ito ang ating kinasanayang wika, o sadyang wala sa ating panahon ang mga sign posts. Kaya nga “gets” o kuha mo. Hindi mo gets kung hindi mo naintindihan o hindi mo nakuha ang ibig sabihin. Kaya ipapa-explain natin ang joke. O kaya may magmamalasakit na ipaliwanag sa iyo dahil sa pangambang maging isolated o out-of-place ka. Tulad nitong dapat ay katatawanan na ito na nahugot ko sa internet:

Q: How many general-relativity theorists does it take to change a light bulb?

A: Two. One to hold the bulb and one to rotate space.

O kaya ito:

A rugby player goes to the physio and says, “It hurts when I touch my arm, my chest, or my leg.” The physio says, “You’ve broken your finger.”

Gets? Hindi? Malay ko rin ba d'yan kung ano ang ibig sabihin niyan. Kaya kailangan ng *schema* o pag-unawa sa katatawanan. Hindi kayang ipaliwanag ng aandap-andap na pag-unawa ko sa physics o sa larong rugby ang nabanggit na jokes sa itaas. Sa mga pamilyar sa dalawang saray ng karunungan na iyan, physics at rugby, lalo kung sabay naunawaan at tinawanan, ay nagma-manifest din ng mas malalim na kaalaman, hindi lamang basta familiarity. Mas maraming schema, mas matalino ka. Kaya sinasabing ang mga taong may heightened sense of humor—iyong bumibitaw ng katatawanan o madaling tumawa sa mga biro o madaling maka-gets sa biro at katatawanan—ay sinasabing mas matalino kumpara sa ibang gaya namin na may good looks lang.

Sabi ng isang pag-aaral sa Turkey na nalathala sa phys.org:

Both humor and intelligence are shaped by cultural norms, beliefs and values. A joke considered hilarious in one culture may not be funny in another. Likewise, a particular behavior may be considered a sign of high intelligence in one culture, but other cultures may find such behavior inappropriate. Thus, the influence of intelligence on humorous behaviors should be evaluated in specific cultures. (<https://phys.org/news/2021-10-ability-humor-linked-higher-intelligence.html>)

Kung alam mo ang katawa-tawa sa hindi, kung alam mo kung kailan dapat o hindi dapat tawanan, kung alam mo ang konteksto ng katatawanan, ay walang dudang palatandaan ng karunungan. Ganito rin halos ang sinabi ng isang artikulo sa Newsweek batay naman sa isang pananaliksik sa Austria: “(It takes) both cognitive and emotional ability to process and produce humor. Their analysis shows that funny people have higher verbal and nonverbal intelligence, and they score lower in mood disturbance and aggressiveness.” Bukod pa raw dito, ang pagkakaroon daw ng “humorous outlook on life” ay mabuting “coping strategy.” Mas madali raw masosolusyonan ng isang taong

may heightened humor ang mga stress at adversity sa buhay. Not only are funny people smart, they're nice to be around.

Pero puwede rin namang hindi ipaliwanag. Hahayaan kang nakatulala habang tawa nang tawa ang mga kasama mo lalo na iyong magagaling sa physics as in the case of the joke above. May mga katatawanan din na confined sa mas eksklusibong collective. Hindi mo kailangang maging physicist. Puwede sa tropa ninyo. O sa samahan. Puwedeng sa klase o sa workplace. "Inside jokes" ang tawag sa ganito. Iyong lubhang kakaunti ang nakakaintindi at pinananatili ang exclusivity kaya hindi ipinaliliwanag sa iba ang joke o ang sanhi ng katatawanan.

"Inside joke kasi naming magkakabarkada 'yun," depensa ng iyong kaibigang putik. Meaning, hindi ka kasama sa barkada. O hindi ka pa nila tanggap na barkada para pagkatiwalaan ng katatawanan na, chances are, tungkol sa ibang tao, o dahil gusto ko ng away, maaaring tungkol sa iyo. Maghinala ka na. Tsk tsk. Kinuha mo pa namang kumare sa kumpil ng iyong pamangkin.

Bakit ba kasi underrated ang usapin ng katatawanan sa bansa nating handang magmahal ang karaniwan ng taong may malakas na sense of humor kahit na mukhang ingrown? Bakit bihira ang nag-uukol ng seryosong atensyon at pag-aaral? Gusto ko na tuloy paniwalaan ang behavioral economist na si Peter McGraw sa pagsasabing "Humor research is seen as a non-serious topic, scientists always want to make sure their work is respectable, and to be doing research on humor is seen as not respectable enough. People think there are a lot of other, really pressing problems we have to try to solve." Hindi respectable lalo na sa lubhang seryosong mundo ng akademya. Idinagdag pa ng editor ng Encyclopedia of Humor Studies, "Humor appears to be so simple, so easy." Dahil kung ganito nga naman mistulang simple at napakadali, bakit pa pag-uukulan ng mahalagang resources, pera, panahon, dunong, love life, at kape para lamang palawigin at maging accessible?

Puwede tuloy isipin na, oo nga, baka nga walang biruan sa mga seryosong usapin ng buhay at kasaysayan? Alangan namang pinapaulanan ka na ng bala ng mga guardia civil, o niraratrat ng mga sundalong Hapones, o nililikida ng mga kawal na Amerikano, magbibiro ka pa? Siyempre hindi biro ang magbiro sa mga ganoong pagkakataon. Kung paanong hindi dapat unahin o hindi mo na lang talaga maiisip ang biro sa isang adrenalin-pumping na sitwasyon ng karahasan at peligro. Sige nga, matanong ko, may katatawanan ba sa karahasang dinaranas mo? Habang nasa peligro, sumagi ba sa isip mo ang tumawa o magpatawa? O after the event na lang?

Ambisyoso ang proyektong ito. Dahil gaya ng karamihan sa kahit na anong academic research proposal, nag-overpromise ako. Huh. Sa isip-isip ko noon, gagawa na nga lang ng proyekto, maliitan pa. Handbook kung handbook. Definitive study kung definitive study. Eh natanggap. Napondohan. Nalintikan na. Kailangang panindigan. Kailangang umastang malaman ang bawat pahina without sounding trite.

MGA AKDANG BINANGGIT

Attardo, Salvatore (ed.) *Encyclopedia of Humor Studies*. Sage Publications, Inc. California, 2014.

Ancheta, Rhodora. *Halakhak: National Humor in Philippine Popular Cultural Forms*. University of the Philippines Press, Quezon City, 2017.

Dowthwaite, Lowri. "Funny people have higher IQs: here's why humor and intelligence go hand in hand." <https://www.newsweek.com/funny-people-higher-iq-more-intelligent-685585> (accessed May 18, 2018).

Hattenstone, Simon. "You have only so many jokes" (panayam kay Bill Bryson). <https://www.theguardian.com/world/2002/nov/22/usa-books> (accessed June 22, 2019).

Maggay, Melba Padilla. *Pahiwatig: Kagawiang Pangkomunikasyon ng Filipino*. Ateneo De Manila University Press, Quezon City, 2002.

McGraw, Peter. "The importance of humor research." <https://www.psychologytoday.com/intl/blog/the-humor-code/201109/the-importance-humor-research> (accessed February 12, 2017).

_____, Joel Warner. *The Humor Code: A Global Search for What Makes Things Funny*. Simon & Schuster, New York, 2014.

Michel, Alexandra, "The science of humor is no laughing matter," *Journal of Psychological Science* <https://www.psychologicalscience.org/observer/the-science-of-humor-is-no-laughing-matter> (accessed June 1, 2020).

Miller, James, "Is bad writing necessary: George Orwell, Theodor Adorno, and the politics of language." *Quick Studies: the Best of Lingua Franca*. University Business LLC, New York, 2002.

NAKAKATAWA DAPAT SI RIZAL

ni Joselito D. De Los Reyes

Hindi kailanman itinuro si/ang Rizal bilang isang katatawanan. Marahil dahil Pambansang Bayani kaya dapat laging umaapaw ang admirasyon sa kaniya at sa kaniyang ginawa. Seryoso dapat. Hindi dapat siya mapabilang sa Bonifacio atapang-atao-apatol-akamay-hindi-atakbo o kung-sino-ang-pumatay-kay-Lapu-lapu joke. Merong palang isang popular na joke: Sino si Huling sa tulang “Huling Paalam” ni Rizal? O kung kanino naka-dedicate ang huli niyang tula? Pero ito man ay gasgas na at dapat nang malimot ng nakararaming nabiktima nang una itong mapakinggan noong elementarya o high school sila.

Sinimulan kong basahin ang isa sa napakaraming bersiyon ng aklat hinggil sa buhay at panulat ni Rizal noong high school ako. Hiniram ko sa ate ko ang kopya ng aklat. Natapos ko nang mabilis. Kaya sa pag-igib ko ng inumin noon, mga dalawang kilometro ang layo sa bahay namin, habang tulak ang kariton, iniisip ko ang pagka-lover-boy ni Rizal dahil sa dami ng kaniyang minahal at nakamit at nalakbay at naranasan at nagawa para sa bayan. At marami ring na-link sa kaniyang babae na akala ko noon, napaka-trivial. Humanga ako sa lahat. Humanga ako sa paraan kung paano binalangkas ang aklat (only to find out na ganoon pala ang pagkakabalangkas ng halos lahat ng aklat na isinulat, pinag-aaralan, at pinagkakitaan sa subject na Rizal sa college). Noong panahong iyon, third year high school, naglihim ako ng isang pangarap. Gusto ko ring maging Rizal. Gusto kong marating ang kaniyang narating. Gawin ang kaniyang nagawa. Obvious namang hindi ito natupad. College ako nang isuko ko ang pangarap na maging Rizal. Mas

masarap uminom kesa mag-aral ng kung ano-ano gaya ng ginawa ni Rizal. Besides, wala akong kuyang malalapitan para magbigay sa akin ng pamasaha patungong España. Kaya nangarap na lang akong maging Piolo Pascual. Mukhang natupad ko naman ito kahit papaano.

Gusto kong magpakadalubhasa at makatakas sa paraan kung paano tradisyonal na itinuturo ng guro ang *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo*. Nagbasa ng ilang mga aklat lalo na iyong mula kay Ambeth Ocampo na *Rizal Without the Overcoat* na koleksiyon ng mga isinulat niyang kolum hinggil sa ating Pambansang Bayani para ipakilala ang mas tao na bahagi ni Rizal, thus the title 'without the overcoat' na nakasanayan na nating tingnan bilang rebulto sa mga plaza at paaralan. Nabasa ko ang *The First Filipino* ni Leon Maria Guerrero, *A Question of Heroes* ni Nick Joaquin, *Veneration Without Understanding* ni Renato Constantino. At ngayon, habang ine-edit ko ito, binabasa ko ang pagsusuri ni Jun Cruz Reyes sa akda at buhay ni Rizal, ang *Hu U Rizal?* na ang paraan ng narasyon ay masasabing conversational din. Pagtatangka ito ni Reyes na ilapit pang lalo ang buhay ng bayani (anuman itong buhay ng bayani nating ito) sa mga mambabasang papakaunti na nang papakaunti.

Pero natuklasan ko noong kolehiyo ako na mahirap palang ang pokus lamang ng pag-aaral sa kasaysayan ay si Rizal. Dapat lumabas sa naratibo ni Rizal kung nais maunawaan ang kahulugan niya sa maraming pangyayari sa ating kasaysayan hanggang sa kasalukuyan. May conscious effort to humanize Rizal at tama lamang ito para gawing karaniwan ang ilusyon natin ng pagiging dakila at magaling ni Rizal. No doubt, magaling si Rizal. Magsulat ka ba naman ng nobela sa edad na beinte singko, noong panahong walang kuryente at MS Word, walang delete at backspace, walang Google, paanong hindi ka magiging magaling?

Bukod pa talaga sa pagiging manunulat, makata, siyentipiko, linguist, at sa maraming tungkulin at pagkatao pa ni Rizal, dapat ilapat siya

sa kasaysayan. Mas bayan at lipunan higit sa tao. O, sa pananaw ni Renato Constantino, sa rebolusyon. Kaya nga para kay Constantino, “They have treated Rizal’s condemnation of the Katipunan as a skeleton in his closet and have been responsible for the ‘silent treatment’ on his unequivocal position against the Revolution” (1970:3). Kaya mas lalong lumaki ang pagnanais kong ilapat si Rizal. Mas kilalanin pa ang iba’t ibang personahe ng kasaysayan, maningning man ang pangalan gaya ni Rizal, Mabini, o Bonifacio, o ang mga walang pangalang kasapi ng Cofradia De San Jose na pinamumunuan ni Hermano Puli.

Lahat ay may ambag kaya tayo nakarating dito sa yugtong ito ng ating kasaysayan. May mas maningning lang ang pangalan pero lahat ay may ambag at marami pang nangangailangang matuklasan at maipakilala sa madla. Kaya nga dapat masikhay pa rin ang pagtuklas. Pero kung marubdob naman ang pagtuklas, sana ay may conscious effort din na maging accessible ang mga natutuklasang ito. Oo, hindi ako nagbibiro kapag sinabi kong gawing meme o GIF o maiikling video ang leksiyon sa buhay at akda ni Rizal at ang mismong kasaysayan. Huwag lang isapelikula at kukuhanin ang isang bata pa’y sellout nang direktor. Ilunsad sa internet at social media ang kasaysayan. Gawin ang approach ng nagpapakalat ng disinformation. Oo, huwag kaliligtaan ang mga tradisyonal na paraan gaya ng mga aklat at kumperensiya para matalakay ang pananaliksik sa kasaysayan, pero huwag din sanang magpatali na lamang sa nakasanayang platform. Dapat sumabay din tayo sa panahon. Gawing viral, gawing games, o rap. Lumunsad sa humor. Dahil ito ang aking agenda. Bakit ba kasi ganito na lang ang pagkilala natin sa kasaysayan? Oo nga’t may rebolusyon, pagtataksil, karahasan, pagdanak ng dugo, ligawan. Pero bakit bihira ang naghahanap sa humor?

Meron naman. Si Vic Torres, propesor ng kasaysayan sa De La Salle University. Partikular ang kaniyang lecture hinggil sa humor noong panahon ng Rebolusyon lalo na ang *Dasalan at Tocsohan* ni Plaridel. Oo,

meron daw nito. Nakatutuwang malamang may katuwang ako sa paghanap sa nakatutuwa't nakakatawa sa panahong walang mag-aakalang may nakatutuwa't nakatatawang bahagi ng ating pag-iral bilang bansa. Nabanggit ko na rin si Dr. Ancheta ng UP [University of the Philippines] na nagbigay ng sampling sa kaniyang aklat hinggil sa lunsaran ng katatawanan at satire sa bawat mahahalagang bahagi ng ating kasaysayan.

Samantala, binanggit din ni Torres sa kaniyang presentasyon ang American psychologist at humor studies pioneer na si Jacob Levine tungkol sa mahalagang gampanin ng humor sa anumang tunggaling pang-estado at iba pang panlipunang power-relationships: "Where cultures fear freedom of expression and rigidly demand conformity, humor is repressed, and the role of the humorist is dangerous." Nagiging sandata ang humor sa represiyon. Nagiging kanlungan at daluyan ang humor ng mga hindi masabi ng sambayanan. Kinakatawan ng humor ang saloobin ng marami kung kaya nga hindi maikakaila ang gampanin nito sa ating bayan. At sa lahat ng ito, sa kagalingan at kadakilaang taglay, bakit tila walang bahid ng humor si Rizal?

Mayroon. Batay sa pagsisiyasat sa *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo* ng Pambansang Alagad ng Sining sa Panitikan na si Virgilio S. Almario, mayroon. Nakasingit sa pagi-pagitan ng nobela ni Rizal ang humor ni Rizal. Katunayan, tinawag niya ang isang kabanata ng kaniyang aklat na *Rizal: Nobelista* na "Ang Siste ni Rizal."

Masinop ang naging pagbasa ni Almario sa mga nobela ng ating Pambansang Bayani. Pinuna niya ang naunang pangangalakal na "salin" at pati na ang mga naunang pagbasa ng ilang dalubhasa ng kasaysayan sa mga nobelang *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo*. Masasabing ito ang poetica ni Almario sa isinagawa niyang pagsasalin ng dalawang dakilang nobela na kagyat binuo bilang hiwalay na produkto ng ginawang pagsasalin. May humor daw si Rizal. O "siste" na mula sa Español na "chiste" o joke o biro at masayahing diwa.

Itong siste ang palagi ko nang naririnig noon sa aking mga Bulakenyong magulang kapag inilalarawan nila ang isang taong masayahin at maraming kuwentong nakakatawa. “Masiste ‘yang si Maritess,” sasabihin ng aking nanay. Bagamat hindi ko maunawaan pa dati na masayahing diwa o palabiro rin ang ibig sabihin nito. Sa akin noon, sa mura at walang muwang kong pag-unawa, makuwento at tsismosa o tsismoso ang ibig sabihin ng ‘masiste.’ Na puwede ngang mangyari lalo’t makuwento naman talaga at masayahin ang nagsasalita.

Ayon kay Almario, naiiba raw ang akda ni Rizal sa mga naunang “didaktiko’t melodramatiko na pinalayaw sa panitikang Kristiyano’t kolonyalista sa loob ng 300 taon” (2017). Kung may taglay na masayahing diwa nga ang mga nobela, nakatitiyak akong hindi ito ang naging “pagbasa” ng mga guro natin noong high school na nasanay sa paghahanap ng mga hindi pamilyar na salita at ipagamit sa atin bilang pangungusap alang-alang sa grade natin sa recitation. Bagamat katawa-tawa ang kinalabasan ng aming dula dahil mali-mali at puro harutan ang mga nagsiganap tungkol sa hapunan sa unang kabanata ng *Noli* noong third year high school, ang katatawanang taglay mismo ng nobela, palagay ko, ay wala sa gunam-gunam ng aming guro. Hindi rin ganito kasiste ang naging talakayan namin sa kursong Rizal sa kolehiyo. Muli, nagkaroon kami ng pagtatanghal sa kung anong kabanatang nalimot ko na. Basta magagaling ang nagsiganap na Rizal at frayle.

Kung naging daan sana ang humor para sa pagtuturo ng *Noli* at *El Fili*, baka mas maraming naka-appreciate. Nasaan ba kasi sa mga nobela ang masayahing diwa o siste ni Rizal? Nasa satire o pang-uuyam, ang sabi ni Almario. Ito raw ang kinasangkapan ng mga gaya ni Plaridel sa *Dasalan at Tocsohan* at ni Graciano Lopez Jaena sa *Fray Botod*.

“Ang masayahing diwa ni Rizal ay tigib sa masiglang pang-uuyam.” Igigiit ni Almario sa kaniyang mambabasa. Bagamat sa katunayan, kaiba sa pagsulat ng sanaysay o persona ng isang tula, sa nobela, pinagsasalita ni

Rizal ang mga tauhan. Maaaring itanggi ng isang nobelista na sila mismo ang nasasalita pero hindi mapasusubaliang ideya nila ang mga salitang ginamit ng tauhang ito.

Ikakatuwiran ng iba, eh paano kung hango sa tunay na buhay ang mga lugar, pangyayari at tauhan sa nobela? Napakarami nang imbestigador at mananaliksik sa buhay at katha ng ating pambansang bayani ang nagtumbas sa mga tauhan at lunan ng kaniyang dalawang nobela.

Ganito mismo ang sipat ng historyador at Dominikong paring si Fidel Villaroel: “[The *Fili*] appears to take roots in historical events sometimes easy to detect, sometimes difficult to place in time and space,” at “[*El Filibusterismo*] is a novel rooted in historical situations, however vague or distorted the novelistic stories may be,”(1984:210 at 242). Si Paciano diumano si Elias, si Segunda Katigbak o Leonor Rivera si Maria Clara, si Rizal mismo si Ibarra at Simoun (kung hindi man Filipinong Edmund Dantes at Konde ng Monte Cristo ni Alexandre Dumas), mga guro niya sa Unibersidad ng Santo Tomas ang mga padre sa nobela bagamat dadalawang prominenteng Dominiko lamang ang naroroon, ang Bise-Rektor na si Padre Sybila at ang malupit na guro ng pisikang si Padre Millon, at pawang Pransiskano na sina Padre Damaso, Padre Camorra, at Padre Salvi, mga kaklase niya sa Unibersidad kung hindi ma’y kasambahay sa Casa Tomasino ang mga mag-aaral sa *El Fili*, ang Calamba ang San Diego at/o Tiani dahil gaya ng nangyari sa buhay ni Rizal, kinamkam ang lupa ng parehong pamilya ni Rizal at ni Kabesang Tales, atbp. Gayunman, lutang ang pagtangi ni Rizal kina Padre Florentino at Isagani na pawang nakatira sa “tabing dagat sa ibayong pampang ng lawa” (*El Filibusterismo*: 14). Ayon pa rin kay Padre Villaroel, “Unquestionably, Rizal, the student leader, poet, ex-Atenean, and now Thomasian, mirrors himself in many of the actuations of Isagani.”

Maaari nga. Pero dahil nobela ang *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo*, at hindi creative nonfiction na dapat nakabatay sa katotohanan,

ang lahat ng pagtutumbas kung sino ang kinakatawan ng ganitong tauhan ay mananatiling sapantaha dahil katha. Unless, may tahasang pag-amin mismo si Rizal sa kung saang panulat o talumpati niya.

Mapang-uyam thereby masiste raw ang maraming bahagi ng mga nobela, ayon kay Almario. Iyon ay kung alam mo ang hahanapin. At kung ipaliliwanag sa iyo ang dahilan kung bakit iyon masiste, biro, mapang-uyam, o sarcasm. Karamihan kasi ay nakatago sa karunungan ng may akda ang mismong katatawanan kung kaya mahirap makita ng sinumang magbabasa lalo't ang pagbabasa ay ni-require lang para makapasa sa isang subject at hindi ginabayan ng tiyak ay hindi rin nagabayang guro o propesor. Daskol ang pagbasa dahil requirement. Wala ang linamnam ng isang 'at your own pace, at your own time' na pagbasa na nasa antas ng paglilibang, excitement, o thought provoking. Relegated sa assignment, quiz, recitation, at mali-maling pagsasadula si Rizal. At least sa karamihan ng mag-aaral na sumailalim sa mandato ng DepEd [Department of Education] at CHED [Commission on Higher Education].

Nakakatawa dapat si Rizal gaya na lang daw ng tanyag na pananalita buhat kay Marcus Tullius Cicero (106-46 B.C.) na ginamit at binaluktot ni Rizal sa bungad ng nobela. Si Cicero na foundation daw ni Rizal hindi lamang sa dunong kung hindi sa paggamit ng siste. Isinulat ni Cicero sa kaniyang pahayag na *De Officiis* (On Duties or On Obligations) na naglalaman ng mga treatises hinggil sa moral obligations ang katagang "*Cedant arma togae*" o sa Ingles ay "Let arms yield to the toga" na nangangahulugan ng pagpapailalim ng militar sa kapangyarihang sibil o ng taumbayan. Mas makapangyarihan dapat ang sibilyan kesa mga kawal. Pero dahil nagpapatawa, pinalitan ng tagapagsalaysay ng Noli ang kasabihang ito bilang "*Cedant arma cottae*" o sa salin ni Almario "Dapat sumunod ang sandata sa sutana" upang i-justify ng mga pari ang kanilang kapangyarihan sa isang matandang tanyag na panauhin din ni Kapitan Tiago. Nakatulong din sa bisa ng joke na ito ni

Rizal ang magkatugmang “toga” buhat sa orihinal at “cottaë” na pagbibiro ni Rizal sa nobela.

Dapat nakakatawa ang ganitong pagpapalit sa kasabihan kung paanong sa unang beses na mapapakinggan, maaaring nakakatawa ang minaling kasabihang “ang naglalakad nang matulin, sa simbahan din ang tuloy” na paglalaro sa kasabihang “ang naglalakad ng matulin, kung matinik ay malalim” at “sa hinaba-haba ng prusisyon, sa simbahan din ang tuloy.” Ganito ring pagmamali ang uri ng pagpapatawang ginagawa natin kapag magpapalit tayo ng lyrics ng popular na kanta. Noong bata pa kami at wala pang muwang sa Heraldic Law ng mga pambansang sagisag, pinapalitan namin ang lyrics ng ating pambansang awit para lamang maging source ng katatawanan, to wit (sa tono ng simula ng pambansang awit): “Bayang inutang, di na binayaran, sa Mandaluyong doon ikukulong, sa dalawang bundok nakatira si Tarzan at Barok, may banana cue, camote cue...” Hayun ang mga kaklase naming seryosong-seryoso samantalang kaming nasalikod ng pila ay nagpipigil ng tawa. Masayang-masaya. Lalo’t may isang hindi nakapagpigil at nahuli ng titser.

So, bakit hindi tayo natatawa sa joke na ito ni Rizal sa loob ng kaniyang mga nobela? Tandaan natin na may schema dapat tayo para maging epektibo ang pasasalaysay ng joke at katatawanan. Nagiging epektibo ang patawa kapag may shared knowledge ang magpapahayag at tatanggap ng mensahe. Kung wala ang shared knowledge na ito, wala ang schema, hindi tayo matatawa. Natatandaan ba ninyo ang hinugot kong joke sa unang kabanata na nakakatawa dapat kung hindi lang tayo bopol sa physics at sa larong rugby? Ito rin ang dahilan kung bakit hindi tayo natatawa sa pagmamali kay Cicero. Dito papasok ang pagpapaliwanag ng joke gaya ng ginawa ni Almario sa kaniyang libro. At ito rin ang dahilan kung paano lulunsad ang ilan pang paliwanag kung bakit nakakatawa dapat si Rizal. And come to think of it, totoo nga ang sapantaha ng mga psychologist, na ang may

mataas ng talino ang malakas ang humor. Will this make Rizal a bit more human? O mas lalo lang natin siyang hahangaan dahil sa kabila ng kaniyang dunong, aba, nagpapatawa din pala siya, iyon nga lang, kailangang matalino ka para maunawaan. Kaya heto, magpakatalino pa tayó.

§

Nakakatawa naman talaga ang mapagsilbihan ng maraming upo at sabaw ng tinola kasama ang hubad na leeg at makunat na pakpak sa isang marangal at bonggang-bonggang hapunan. I mean, walang masama kung sa bahay natin ito i-serve. Puwedeng-puwede nating himayin o kainin nang buo ang piraso ng manok at ibuga ang mga nasimot na buto-buto lalo kung walang nakakakita sa atin. Malasa ang leeg at pakpak kumpara sa malamang hita at petso. Kaya ganoon na lamang ang panlalait ni Rizal na siyang may likha sa mga tauhang ito. Sinadya pa niyang magdabog si Padre Damaso. At ang nakakatawa sa pagdarabog na ito para umagaw ng atensyon, walang nakapansin.

Hindi ko na marahil kailangan pang sabihin dahil kung nakatunghay man lang kayo sa *Noli Me Tangere* o *El Filibusterismo*, nakatunghay o nakapanood man lang ng malaganap na dula sa klase o iyong sapilitang ipinapanood sa inyo noong high school, o kaya ay iyong ipinabasa sa inyong komiks, o sige, kahit na buod na buod na report ng inyong bibong kaklase noon, alam mo na sigurong nakatatawa ang pagkatao at mga hirit ni Doña Victorina.

Impeccable ang timing ng ale. Iba ang bagsak ng pananalita—o kahit na dated ang kaniyang sociolect na mababasa sa mga seryosong salin (which leads me, baka kasi makalimutan kong sabihin sa kahabaan ng narasyong ito, baka kailangan nang isalin sa pangkasalukuyang kolokyal na wika ang mga dakilang nobela ni Rizal, which begs another round of protracted research,

I guess). Kaya naman sa tuwing gagawing dula ang mga unang kabanata ng *Noli Me Tangere* at *El Filibusterismo*, isa sa pinakatampok na tauhan ay ang Doña na nagpipilit maging Kastila; ang Doña na pinandirihan ang mga Indio gayong siya man ay isang Indio. Ang Doña na kung magsalita ay akala mong pinakamaalam sa lahat.

Ang tauhan ng isang nobela ay singgaling lamang ng may katha sa kaniya. Kaya ang atribusyon ng siste, dapat lang, ay kay Rizal. At sa ilang pagkakataong hindi natin kailangang maalam sa mga kauri ni Cicero, maitatanghal sa atin ang paglalaro sa sitwasyon na hindi natalakay ni Almarino sa kaniyang aklat.

Kung baga sa pagbibitaw ng joke patungo sa punchline, narito ang masasabi kong galing ni Rizal. Naaalala ba ninyo ang Bapor Tabo at ang pagtatalo-talo ng mga nasa pang-itaas ng kubyerta, nalililiman ng kubol ang mga fraile at empleyado habang humihit ng tabako at nagninilay sa tanawin ng ilog habang patungo ang Bapor Tabo sa Laguna? At ano ang pinagtatalunan ng mga fraile, ni Don Custodio at Ben Zayb, at ni Simoun? Kung paano palalawakin ang ilog. Nagtatalo-talo sila kung kaninong mungkahi ang pinakamabuti, ang pinakamaayos. Naiwang nagpuputok ng butse si Don Custodio dahil nakahirir kay Simoun na matapos sabihin ang kaniyang mungkahing pagtrabahuhin ang mga Indio para humukay ng parallel at higit na tuwid na ilog ay sukat umalis sa umpukan.

Sa pagkakatong ito, inilabas ni Don Custodio ang kaniyang mungkahing gumamit ng maraming pato upang kainin ang mga susong nasa gilid ng pampang ng ilog upang lumapad at tumuwid ang pampang nang sa gayon ay hindi mahirapan ang paglalakbay ng mga bapor sa ilog. Ilalarawan sa atin kung paano tinapos ni Don Custodio ang pagpapahayag sa kaniyang mungkahi: "At ibinukas ni Don Custodio ang dalawang bisig at tuwang-tuwang minasdan ang pagkamangha ng kaniyang mga tagapakinig. Walang nakaisip ng gayong ideyang kaibang-kaiba." Na gagatungan pa ng

peryodistang si Ben Zayb na equally full of himself gaya ni Don Custodio: “Ipahihintulot ba ninyong sumulat ako ng isang artikulo tungkol dyan?... sa bayang ito bihira ang nag-iisip.”

Tapos na sana. Kung бага sa ngangayuning aksyon, drop mic moment na sa sana si Don Custodio lalo’t pinag-ibayo pa ni Ben Zayb ang kagalingan ng kaniyang mungkahi. Pero gaya ng masayahing disenyo ni Rizal sa unang kabanata ng *El Filibusterismo*, pinahirit niya ang nagpapanggap na Kastilang si Doña Victorina na nakikinig pala sa lahat ng ito:

“Pero, Don Custodio...kapag nag-alaga ng itik ang lahat, sasagana ang itlog na balut. Ay, nakakadiri! Pabayaang magsara ang mga balaho!”

Hindi ko gustong ipaliwanag pero sadyang nakakatawa ito. Ang timing, ang nagsasalitang si Doña Victorina (lalo kung mai-imagine mo ang kaniyang kakatwang hitsura at kung paano siya nagpipilit magsalita sa Español), pati na ang mismong paksa—balut at balaho ng ilog—para hindi talakayin nang husto. Ang galing ng disenyo na nang-upstage ang isang masasabing social climber sa isang nagmamagaling na don.

Noon pa pala kadiri (at least sa mata ng dayuhan at nagpapanggap na dayuhan gaya ni Doña Victorina) ang balut. Staple na sa mga travel guides at travel shows sa iba’t ibang bansa ang balut. Nagsisilbi itong challenge sa mga dayuhan at hindi dadalawang beses ko itong naialok sa mga nakilala at nakasamang dayuhan dito sa ating bansa. Matigas ang kanilang pagtangga sa malinamnam na balut. Bakit nga naman hindi, naliligo sa sabaw ang isang patay na sisiw. Hindi rin nakatulong na kulay abo na ang laman ng balut na parang bulok. Ang magaling sa pagbuo ng sitwasyon ni Rizal ay ang anti-climactic ending ng kabanata. Na ang isang nagpapanggap na alta sociedad ang babasag nang walang ganti dahil natapos na ang kabanata sa isang don na nag-aakalang napakahusay ng kaniyang mungkahi. Kung бага sa tong-its, two-hits ang tama kay Don Custodio ng sitwasyon. Una mula kay Simoun

na nang-iwan sa pagtatalo-talo, at ang mas masakit, mula sa isang Doña Victorinang pinag-ibayo ni Rizal ang katatawanan.

Ganito rin halos ang ginawa ni Rizal sa Kabanata 20 ng *Noli Me Tangere*, “Ang Pulong sa Tribunal.” Ano ba ang nangyari dito? Isang mapaglarong eksena tungkol sa kung anong pangkat ang masusunod para sa palabas bago at hanggang kapistahan ng San Diego de Alcalá.

Nangyari ang Kabanata 20 labing-isang araw bago ang kapistahan sa Nobyembre 12. Nagpupulong ang mga kabataan at mga may gulang ng bayan. Dahil magkaiba ang prinsipyo—liberal at konserbatibo—hindi sila nagpapadaig sa mga panukala kung ano ang palabas, sino ang gaganap, gaano karami ang pailaw at paputok para masigurong matatandaan hanggang kabilang bayan ang mangyayaring kapistahan. Pero wala sa buod na ito ang saya ng kabanata. Nasa detalye na, ayon nga kay Almarino, ay hindi na naisama sa mas popular na salin kung hindi na nalaman ng marami lalo na ang galing ni Rizal sa humor.

Makulay ang naging parunggitan, may mga diskarte pa upang mas manaig ang mungkahi ng isang pangkat. May yabangan. Naroon din ang hindi maitatangging pagalingan sa pagtatalumpati—pagalingan sa pagpapaligoy talaga ang pakiramdam ko habang binabasa—upang pagandahin ang pakiramdam ng katunggali sa mas magandang mungkahi. May isang pagkakataon pa nga na hindi kakilala ng mga may edad sa pulong ang alusyong binanggit ng mga kabataan hinggil kay Lucius Cornelius Sulla na nabuhay isang siglo bago pa ipanganak si Kristo. Binanggit ito bilang sa mabuting pagkakaibigan. Sumagot ang nakatatanda:

“Ano ang pakialam natin kay Sulla at kahit sa mga Romano? Bakit, inanyayahan ba nila tayo kahit sa isa man lang sa nilang pista? Ako na lamang, wala pa akong natatanggap na anumang paanyaya, at matanda na ako!” (127)

Iyong pagmamalaki dulot ng kamangmangan ang masaya sa tagpong nabanggit. Pero hindi pa doon nagwawakas ang kabanata. Gaya ng nangyari sa Bapor Tabo, ihihilera ni Rizal ang kaayusan—ang set-up ng joke—tungo sa masaya pero nakaiinis na pagwawakas ng kabanata. Nang sa wakas ay maayos na, mistulang nagkasundo na ang magkabilang panig, nang mabalangkas na ang plano para sa kapistahan, na maganda at makabuluhang plano sa totoo lang, saka naman hihirit ang gobernadorsilyo na nakikinig lang sa kahabaan ng pagtatalo-talo. Taglay na pala ng gobernadorsilyong hindi makapagsalita dahil may sakit ang desisyon ng kura ng parokya kung ano ang mangyayari sa kapistahan: “Anim na prusisyon, tatlong sermon, tatlong grandeng misa, at kung may salapi pa, komedyang Tondo at awitan sa pagitan.” (130) Ipinatawag lamang pala ang pulong sa tribunal upang sabihin ang naging desisyon ng padre kura ng San Diego. Kung ngayon nangyari ang ganitong tagpo, siguro baka isang memo lang sa email o group chat ang ipinadala ng gobernadorsilyo para hindi na dumalo ang mga maginoo ng bayan. Wala tuloy nagawa ang magigiting nating maginoo. Tumutol man sila, nanaig ang kanilang pagsuko sa kapangyarihan ng kura ng parokya. Walang naging saysay ang yabangan at pag-name drop ng mga dakilang tao ng lumang Griyego bilang palatandaan na pangmatalino ang mga alusyon ng ating dakilang nobelista.

§

Eksperto si Rizal sa alusyon. Sa aking klase ng malikhaing pagsulat, lagi nang makakatikim sa akin ng papuri ang isang manunulat na mahusay sa pagbibigay ng alusyon. May fine balance between obscurity at cliché ang isang alusyon. On the one hand, kung palasak na, cliché. Kung lubhang malalim ang hugot ng alusyon, obscure. Sa larang ng pagpapahayag gamit ang pagsulat, kung hindi makararating ang mensahe sa intended audience dahil sa obscurity ng allusion, sablay ito. Kaya dapat may fine balance.

Kaya nga kung alusyon at alusyon din lang, mahihinuhang hindi pangkaraniwan ang iniisip na mambabasa ni Rizal. Ang iniisip marahil niya ay ang kapwa niya nakapag-aral, mga dumaan sa klasiko (iilan lang naman din ang subject noon kaya, well, learned sila sa mga Greek at Roman Classics). Iniisip marahil na kapwa niya siyentipiko o scholar ang babasa. Kaya nga kung hindi pa ipaliliwanag sa atin ang siste ng mga ginagamit niyang alusyon, hindi nga natin makukuha ang galing ni Rizal sa humor.

Pero gaya ng kuwento ni Rizal tungkol kay Doña Victorina, marami din siyang iniwan para sa ating karaniwang mambabasang mas matagal pa ngayon sa Tiktok at Youtube kaysa tunay na nagbabasa matapos ang mahigit sansiglo buhat nang malathala ang kaniyang nobela.

Sa lahat ng iniwan ni Rizal na source ng katatawanan, wala na yatang mas hihigit pa sa ika-29 na kabanata ng *El Filibusterismo*, ang “Mga Huling Salita Tungkol kay Kapitan Tiago.” Ang maikling kabanata kung saan inilarawan sa pinakakomikal na paraan ni Rizal ang uri ng burol at libing ni Don Santiago Delos Santos.

Sa mga hindi na matandaan ang kanilang *El Filibusterismo*, sa kabanatang ito namatay si Kapitan Tiago. Namatay nang hindi nakapangungumpisal. Kagyat pagtatalunan ng dalawang pari ang kung ano ang dapat gawin sa isang taong simbahan na hindi nabigyan ng sakramento. Sasabihin ni Padre Irene: “Ang mga paghihigpit, tulad ng alam na alam ninyo, ay ginagamit lamang kapag ang hindi nagsisi ay hindi rin nagbayad!”

Dadagsa ang mga Maritess/tsismosa noong panahong iyon. May lulutang na tsismis na diumano’y nagpapakita ang kaluluwa ni Kapitan Tiago sa mga mongha habang naghihingalo pa lamang ang matanda. Maraming lalabas na saksi. Lulumain ang mga magasin, tabloid, at awayan ng mga basurang vloggers sa kasalukuyan sa tinahi-tahing kuwento ng namatay.

Hahatiin ang mana ni Kapitan Tiago. Si Padre Irene ang magsisilbing tagapag-ingat nito. Dadamitan ang Kapitan Tiago. Pagtatalunan kung alin ang mas nararapat: gutay-gutay na abito ng Pransiskano (sa halagang 32 piso) o isang magarang frock (sa halagang 37 piso).

Naroon din natural ang mga kapwa tahir ni Kapitan Tiago, o ang mga kinikilalang malalakas na sugarol ng bayan. Pinagtatalunan kung sino ang mananalo sa sabong sa langit kapag naglaban ang manok ni Kapitan Tiago at manok ni San Pedro. Sa puntong ito, iigting ang humor ni Rizal nang gumamit ng Latin si Don Primitivo: “*An gallus talisainus, acuto tari armatus, an gallus beati Petri bulikus sasabungus sit.*” Na isinalin ni Almario bilang: “Kung may manok na talisain, armado sa matalas na tari, kung ang manok ng banal na Pedro ay bulik na sasabungin.”

Bagamat busog sa alusyon ang dalawang nobela, hindi natin kailangan maging maalam sa Latin para mahawatig na ang binanggit ni Don Primitivo ay katatawanan (maliban pa sa erehe dahil ang Latin ay wika ng simbahan, bagay na ipinaalala sa kaniya ng kausap niyang si Martin Aristorenas). Naroon din ang Tsinong si Quiroga (sa ibang salin ay tinatawag sa pejorative na Intsik Quiroga) na sumali sa usapan ngunit ang pagsasalita ay sa paraang alam na alam nating Tsino: “Sigulo, puwede kontalata pala isang sabungan ke Kilsto, ha? Pag matay na ako, akyen kontalata, ha?” (247)

Gaya ng isang elaborate joke, talagang inirereserba ni Rizal ang pinakatampok na bahagi ng pagpapatawa sa dulo, sa mismong libing, habang dinadala ang bangkay tungo sa libingan.

“Pinakamataas na uri, siyempre, ang libing. May mga responso sa bahay, sa daan, at pinangungunahan ng tatlong fraile sapagkat tila hindi sapat ang isa sa gayong kaluluwa, ginawa ang lahat ng mga ritwal at seremonyang maaari, at balitang-balita na dinagdagan ang pagsasagawa ng iba katulad ng pagkuha ng mga extra sa palabas pandulaan. Nakaaliw ang libing. Maraming sinunog na insenso, maraming awit sa Latin, gumamit ng maraming agwa

bendita, bilang alay sa kaniyang kaibigan ay inawit nang sintunado ni Padre Irene ang *Dies irae* mula sa koro, at talagang sumakit ang ulo ng mga kapitbahay sa katakot-takot na kalembang para sa namatay.” (248)

Kung eksena sa pelikula ito, punong-puno ng nakatatawang pangyayari. Sagana sa kulay at aksyon. Nakatutulig ang ingay pati na ang sintunadong boses ng pari. Makikita natin ang wide camera angle, puno ng tao ang daan. Hindi magkamayaw. Makikita nating nangunguna ang tatlong pari kasunod ang maraming responso. At kung inaakala nating sa sintunadong boses isasara ni Rizal ang kabanata, hindi. Itinira niya ang, sa palagay ko, pinakanakakatawa sa lahat. Isang talatang hindi na kailangan pang ipaliwanag ang humor upang magdulot sa atin ng schema dahil as it is, bilang nakauunawa sa Tagalog, matatawa tayo:

“Taimtim na hiniling ni Doña Patrocinio, ang dating karibal ni Kapitan Tiago sa relihiyoseriya, na mamatay na sana siya kinabukasan upang magkaroon ng libing na higit pang pambihira. Hindi matanggap ng matandang banal na si Kapitan Tiago, na inaakala niyang ganap na niyang nadaig, ngayong namatay ay muling nabuhay nang napakarangya. Oo, lunggati na rin niyang mamatay at waring naririnig na niya ang mga bulalas ng mga magsisidalo sa kaniyang responso: ‘Ito, ito talaga ang libing! Ito, ito talaga ang marunong mamatay, si Doña Patrocinio!’”

Ang kulit ni Rizal.



MGA AKDANG BINANGGIT

- Almario, Virgilio S. *Si Rizal: Nobelista (Pagbasa sa Noli at Fili Bilang Nobela)*. University of the Philippines Press, Quezon City, 2008.
- _____(tagasalin). *El Filibusterismo* ni Jose Rizal, Adarna House, Inc., Quezon City, 2014.
- _____(tagasalin). *Noli Me Tangere* ni Jose Rizal, Adarna House, Inc., Quezon City, 2014.
- Ancheta, Rhodora. *Halakhak: National Humor in Philippine Popular Cultural Forms*. University of the Philippines Press, Quezon City, 2017.
- Cicero, Marcus Tullius. *De Officiis* (On Duties or On Obligations), <http://www.perseus.tufts.edu/hopper/text?doc=Perseus%3Atext%3A2007.01.0048> (accessed June 8, 2022)
- Constantino, Renato. *Veneration Without Understanding*. Malaya Books, Quezon City, 1970.
- Hogeback, Jonathan. Why Do Television Shows Use Laugh Tracks? <https://www.britannica.com/story/why-do-television-shows-use-laugh-tracks> (accessed June 11, 2022)
- Ocampo, Ambeth. *Rizal Without the Overcoat*. Anvil Publishing, Inc. Pasig City, 2002.
- Reyes, Jun Cruz. *HU U, RIZAL? O Kung Bakit Lagi't Kang Kailangang Barilin*. Second Printing, Black Pen Publishing, Bay, Laguna, 2022.
- Torres, Jose Victor Z. "The Laughter of Dissent: Satire, Jokes and Memes in the History of Resistance in the Philippines (1888-1900)," (hindi nakalathalang presentation), 2019.
- Villaroel O.P, Fidel. *Rizal and the University of Santo Tomas*. University of Santo Tomas Publishing House, Manila, 1984.